# 2 SULAT NI PEDRO



Ito ang pinakahuling aklat sa buong Biblia, marahil ay isinulat nang taong 100, at iniharap bilang pangalawang liham ni Pedro. May kinalaman ang tatlong kabanata nito sa tatlong pinagmamalasakitan sa simbahan nang panahong iyon:

– pangangalaga sa pananampalataya, kung paano itinuro ng mga apostol na saksi ni Jesus;

– pakikipaglaban sa mga "guro" na pumipilipit sa paniniwala at nagbubunsod sa kahalayan;

– pagpapaliwanag kung bakit hindi pa nagbabalik si Kristo.

**1** 1 Bati ni Simeon Pedro, lingkod
at apostol ni Jesucristo, sa mga
binanal ng ating Diyos at Tagapagligtas
na si Jesucristo nang tumanggap ng ating
mahalagang pananampalataya.
2 Sumagana sa inyo ang biyaya at
kapayapaan ayon sa inyong pagkakilala
sa Diyos at sa ating Panginoong Jesus.

**Nakikibahagi tayo sa pan-Diyos na kalikasan**

• 3 Ibinigay sa atin ng kanyang pan-
Diyos na kapangyarihan ang lahat ng
kailangan natin sa buhay at paggalang sa
Diyos. Una, ang pagkakilala sa Kanya na
tumawag sa atin sa bisa ng kanyang sari-
ling kaluwalhatian at kabutihan. 4 Dahil
dito kaya tayo binigyan ng mga mahalaga
at pinakadakilang pangako: bunga ng
mga ito, nakikibahagi tayo sa pan-Diyos
na kalikasan at naliligtas sa kamatayang
taglay ng pagnanasa sa mundo.
5 Dahil dito, sikapin ninyong idagdag sa
inyong pananampalataya ang panloob na
lakas; sa panloob na lakas, ang kaala-
man; 6 sa kaalaman, ang pagpigil sa sarili;
sa pagpigil sa sarili, ang katiyagaan; sa
katiyagaan, ang paggalang sa Diyos; 7 sa
paggalang sa Diyos, ang pagmamahal sa
kapatid; sa pagmamahal sa kapatid, ang
pag-ibig. 8 Kung taglay ninyo ang lahat ng
ito at sumasagana pa, di kayo mawawa-
lan ng pakinabang at bunga sa pagkaki-
lala sa ating Panginoong Jesucristo. 9 Ang
hindi naman nagtataglay ay bulag,
malabo ang mata na nakalimutang

---

• **1.**3 Ang mga Kristiyanong natutuksong masiyahan na lamang sa kanilang kalagayan ay pinaaalalahanan ng dalawang bagay:

– Napakadakilang kaloob ang tawag ng Diyos.

– Hindi sapat na matawag upang manampalataya: kailangang patunayan ang pagkahirang na iyon sa pamamagitan ng isang tunay na banal na buhay bilang paghahanda sa pagpasok sa kalangitan.

Ang kanyang pan-Diyos na kapangyarihan. Sa iilang salita ay ipinakikita ng talatang ito kung ano ang hindi kapani-paniwala sa pag-asang Kristiyano: nakikibahagi tayo sa pan-Diyos na kalikasan. Tinawag tayo sa isang bagay na katumbas ng pakikibahagi kung ano ang Diyos. Sa isang taong napuspos na ng kadakilaan ng Diyos, ito na ang mahalaga at pinakadakilang pangako higit sa alinmang tagumpay sa kalawakan, o sa anupamang tagumpay sa buhay na ito. Nang ipahayag ng mga naunang Kristiyano sa kanilang pananampalataya na bubuhayin sila upang makibahagi sa luwalhati ng Diyos, naasiwa ang mga

pinatawad na siya sa kanyang mga kasa-
lanan.
[10]Kaya, mga kapatid, sikaping mapag-
tibay ang pagkatawag at pagkahirang sa
inyo. Sa paggawa nito, hindi kayo
madarapa. [11]Sa gayon, bukas-palad na
pahihintulutan kayong pumasok sa walang
hanggang kaharian ni Jesucristo na ating
Panginoon at Tagapagligtas.
[12]Kaya lagi kong ipaaalaala sa inyo
ang mga bagay na ito, bagamat alam na
ninyo at matatag na kayo sa katoto-
hanang taglay ninyo. [13]Inaakala kong
tama na gisingin ang inyong alaala
habang ako'y nasa toldang ito. [14]Pagkat
alam kong malapit nang alisin ang aking
tolda, gaya ng itinuro sa akin ng ating
Panginoong Jesucristo. [15]Kaya sisikapin
kong lagi ninyong maalaala ang mga iyon
pagkaalis ko.

**Ang saligan ng pananampalataya**

[16]Malaman ninyo na hindi alamat at
kathang-isip ang aming sinundan sa
pagpapakilala sa inyo ng kapangyarihan
at pagdating ni Jesucristong ating Pangi-
noon. Naging mga saksi kami sa kanyang
kadakilaan [17]nang tinanggap niya sa
Diyos Ama ang karangalan at kaluwal-
hatian. Noon binigkas sa kanya mula sa
Dakilang Kaluwalhatian ang salitang ito:
"Ito ang aking Anak na minamahal na
pinagkakalooban ko." [18]Narinig namin
mismo ang salitang itong binigkas mula
sa langit nang kasama niya kami sa banal
na bundok.
[19]Dahil dito, mas matatag na sa amin
ang pahayag ng mga propeta na ika-
bubuti ninyong ingatan na parang ilaw na
tumatanglaw sa dakong madilim hang-
gang sa bukanliwayway, sa pagsilang ng
tala sa umaga sa inyong puso. [20]Maha-
lagang malaman ninyo ito: walang
propesiya sa Kasulatan na maipaliliwanag
sa sariling paraan. [21]Sapagkat hindi
nagmula sa kalooban ng tao ang prope-
siya kundi nagsalita ang mga tao ng Diyos
sa pagbunsod sa kanila ng Espiritu Santo.

**Mga bulaang guro**

**2** • [1]Nagkaroon ng mga bulaang
propeta sa bayang Israel, gayundin
magkakaroon ng mga bulaang guro sa
piling ninyo. Lihim silang magpapasok ng
pahamak na sekta at sa pagtanggi nila sa
Panginoong tumubos sa kanila, agad
sasapit sa kanila ang kapahamakan.
[2]Maraming susunod sa kanilang kaha-
layan at dahil sa kanila malalapastangan
ang katotohanan. [3]Pagsasamantalahan
nila kayo sa mga panlilinlang alang-alang
sa pera lamang. Ngunit handa na ang

---

pilosopong pagano: "Sino ang gumawa sa inyo na maging ganyan kayabang upang maniwala kayong maaabot ninyo ang Diyos?"

*Hindi mga alamat ang aming sinundan* (16). Hindi nababatay ang pananampalataya sa katwiran at teoriya. Nananalig tayo sa nakita ng mga apostol at sa mga salita ng mga propeta. Sinasabing maliwanag ng huling pangungusap kung ano ang matatagpuan natin sa Biblia: lahat ng naroon ay ipinahayag sa pangalan ng Diyos at ang lahat ay gawa ng Espiritu Santo. Hindi sinasabi rito na idinikta ng Espiritu Santo ang mga aklat o ipinagkaloob niya ang mga pahayag sa lahat ng awtor; ang sinasabi ay binigyan niya ng inspirasyon ang mga ito upang makasulat. Kaya nga, sumulat ang bawat awtor sa kanyang sariling pamamaraan at ayon sa kaugalian ng kanyang panahon. May kamalayan ang bawat manunulat na ipinahahayag niya ang paniwala ng kanyang bayan, ngunit hindi nanganga-hulugang nalalaman niyang sinusunod niya ang Espiritu Santo.

Samakatwid, ang Biblia ay gawa ng Espiritu Santo at gayundin naman ng mga taong manunulat. Sa gayon, walang propesiya sa Kasulatan na maipaliliwanag sa sariling paraan (20). Totoo nga, na makauunawa ang sinuman sa isang teksto at sa iba pa batay sa kanyang katalinuhan at pananampalataya. Gayunman, ang mensahe ay ang kabuuan. Kapag sinisikap nating malaman kung paano pinagsasama-sama ang mga pahayag, upang matuklasan ang mahahalagang talata o ang espiritu ng Biblia, ang Iglesya lamang at ang sinumang nakikipagkaisa rito ang makapagsusuri at makaaalam.

*Ang Tala sa Umaga* (19). Si Kristo ang tinutukoy nito (tingnan ang Pag 22:16).

• **2.1** Ang kabanatang ito na tumatalakay sa mga bulaan o huwad na guro, ay umuulit sa ilang bahagi, sa mga panganib na natagpuan sa Sulat ni Judas.

hatol sa kanila at nagbabantay ang kani-
lang kapahamakan.

4 Hindi pinatawad ng Diyos ang mga anghel
na nagkasala. Ibinulid sila sa impiyerno at iki-
nulong sa madilim na mga yungib hanggang sa
araw ng paghuhukom. 5 Gayundin, hindi niya
pinatawad ang dating mundo. Si Noe lamang, na
ikawalong tagapahayag ng banal na pamu-
muhay, ang kinalinga ng Diyos nang nilipol ng
baha ang mga tampalasan. 6 Hinatulan din ng
Diyos at tinupok ang mga lunsod ng Sodoma at
Gomorra na ginawang halimbawa sa mga
magtatampalasan. 7 Iniligtas naman niya si Lot,
isang taong matuwid na labis na nabahala sa
mahalay na pamumuhay ng mga walang batas.
8 Sapagkat mabuting tao si Lot. Naninirahan
siya roon at araw-araw, nasaktan ang kanyang
damdamin pagkakita at pagkarinig sa kanilang
mga krimen.

9 Kaya, alam ng Panginoon kung paano
maliligtas sa mga pagsubok ang mga taong may
paggalang sa Diyos at inilalaan naman niya ang
mga tampalasan upang parusahan sila sa araw
ng paghuhukom. 10 Ito talaga ang gagawin niya
sa mga nasabing taong sumusunod sa
masamang pagnanasa ng kalikasan nila at
lumalapastangan sa maykapangyarihan. Pina-
ngangahasang lapastanganin ng mga palalo at
walang takot na ito ang mga taga-langit na
espiritu, 11 samantalang ang mga anghel na higit
na malakas at makapangyarihan ay nagpipigil
sa sarili na lumait sa mga iyon sa harap ng
Panginoon.

12 Para namang ang mga taong ito ay mga
hayop na likas na walang isip na isinilang para
hulihin at patayin. Nilalapastangan nila ang di
nila nauunawaan, ngunit tulad ng ganitong
hayop, lilipulin din sila 13 at gagantihan ng
kasamaang ginawa nila sa iba.

Tinatamasa nila ang panandaliang
kasiyahan. Mahalay at mabisyong tao silang
masaya sa panlilinlang sa inyo habang
nakikisalo sila sa inyong mga salu-salong
magkakapatid. 14 Nasa mata nila ang pakikiapid
at di nagsasawa sa kasalanan at pag-akit sa di
matatag na tao. Sanay sa kasakiman ang
kanilang puso: sinumpang mga tao sila!

15 Naligaw sila sa matuwid na landas na
iniwan nila at sinundan ang daan ni Balaam, na
anak ni Beor na umibig sa salapi ng kasalanan.
16 Ngunit pinagwikaan siya sa kanyang ka-
malian; nakapagsalita ang kanyang asnong
babae na parang tao, at pinigil ang kahibangan
ng propeta. 17 Mga bukal na walang tubig sila,
mga ulap na tinatangay ng unos na patungo sa
pusikit na kadiliman.

18 Sa napakataas nilang pangungusap na
wala namang kabuluhan, inuudyukan nila ang
mga makalaman na pagnanasa ng mga taong
kawawalay pa lamang sa mga namumuhay sa
kamalian.

19 Nangangako sila ng kalayaan ga-
yong naaalipin sila ng kamatayan
(sapagkat alipin ang tao ng anumang
nakasusupil sa kanya.) 20 Tumalikod man
sila sa mga makamundong bisyo dahil sa
kanilang pagkakilala kay Jesucristo na
ating Panginoon at Tagapagligtas,
ginagapos pang muli sila ng mga ito at
sumusuko. Masahol pa sa dati ang
magiging kalagayan nila. 21 Mabuti pang
hindi nila natutuhan ang daang matuwid
kaysa makilala ito at pagkatapos ay
talikdan ang banal na aral ng Diyos na
ibinigay sa kanila. 22 Sa kanila naaangkop
ang kasabihang: "Muling bumabalik ang
aso sa kanyang suka," at "Naglulublob sa
pusali ang nilinis na baboy."

### Bakit naaantala ang ikalawang pagdating ni Kristo?

3 • 1 Mga minamahal, ito ang ikala-
wang sulat ko sa inyo. Sa dalawang
sulat ko ginigising ang inyong pag-aalaala
sa tunay na aral. 2 Huwag ninyong kalimu-
tan ang mga sinabi noon ng mga banal na
propeta, at ang tagubilin ng ating Pangi-
noon at Tagapagligtas na inyong narinig
sa mga apostol ninyo.

• **3.1** Dalawang salinlahi ng Kristiyano ang nakapaghintay na sa pagbabalik ni Jesus: ang gayong pag-asa ang tumulong sa kanila upang maging higit na bukas ang loob sa kanilang pananampalataya. Ngayon naman, sinasalungat ng mga bulaan o huwad na guro sa pagtukoy sa mga pang-araw-araw na karanasan ang mga salita ng mga propeta (laluna ang mga "propeta" ng Iglesya na ipinahahayag ang namimintong wakas). Nagtatalo sila at nag-aalinlangan, at sinasabing ang ama sa pananampalataya, tulad ng mga apostol, ay patay na, at lahat ng bagay ay nananatili pa ring tulad ng dati.

May dalawang bahagi ang tugon. Sa isang dako,

3 Una, dapat ninyong malaman na sa
mga huling araw lilitaw ang mga
manlilibak na dala ng kanilang pag-
nanasa. At nanlilibak silang 4 magsasabi:
"Nasaan ang 'pagdating' na ipinangako
niya? Nahimlay na ang mga ama at
nanatili ang lahat ng nilikha gaya ng sa
simula." 5 Ngunit sinadya nilang limutin
na may langit sa simula at mula sa tubig
nanggaling ang isang lupa na pinatayo ng
salita ng Diyos sa gitna ng tubig. 6 At
binaha rin ng salita ng Diyos ang daigdig
na iyon at nawala sa mga tubig. 7 Gayun-
din pinananatili ng salita ng Diyos ang
kasalukuyang mga langit at lupa hang-
gang sa araw ng paghuhukom at pagka-
pahamak sa masasama. 8 Huwag ninyong
kalimutan ito, mga kapatid: Sa Pangi-
noon, parang isang araw ang isang libong
taon at isang libong taon ang isang araw.
9 Hindi nagpapaliban ang Panginoon sa
kanyang pangako, kahiman pinag-uusa-
pan ng ilan ang pagpapaliban. Mapag-
pasensiya siya sa inyo at hindi niya iniibig
na mapahamak ang sinuman. Gusto
niyang magsisi ang lahat. 10 Darating na-
mang tulad ng magnanakaw ang araw ng
Panginoon. Sa araw na iyon, maingay na
tatanggalin ang langit, matutunaw sa
apoy ang mga sangkap ng sanlibutan at
hindi na matatagpuan ang lupa at lahat ng
naroroon.

11 Kung matutunaw ang lahat sa
ganitong paraan, isipin ninyo kung paano
dapat banalin ang inyong pamumuhay at
paglilingkod sa Diyos 12 habang hinihintay
ninyo at napapadali ang pagdating ng
araw ng Diyos. Sa araw na iyon, wawa-
sakin ng apoy ang mga kalangitan at
matutunaw ang mga sangkap ng sanlibu-
tan dahil sa init. 13 Naghihintay naman
tayo ng *bagong langit* at ng *bagong lupa*
na pinaghaharian ng katarungan gaya ng
ipinangako ng Diyos.

14 Ito, mga kaibigan, ang dapat ninyong
hintayin, sikapin ninyong matagpuan ng
Diyos kayong nakaugat sa kapayapaan,
walang dungis at kapintasan. 15 Ituring
ninyong kaligtasan ang pagpapaliban ng
Panginoon gaya ng isinulat sa inyo ng
minamahal nating kapatid na si Pablo
batay sa karunungang ipinagkaloob sa
kanya. 16 Binabanggit niya ang mga iyon
sa lahat ng sulat niya kung may ipina-
ngangaral. May ilang bagay sa kanyang
mga liham na mahirap unawain na napa-
pagkamalian ng mga di-nag-aral at
walang katiyakang tao gaya ng ginagawa
nila sa ibang mga Kasulatan. At napa-
pahamak sila.

17 Nababalaan na kayo, mga minama-
hal, kayat pag-ingatan ninyo na huwag
kayong matangay sa pandaraya ng mga
walang-batas na iyon at mawalan ng
katatagan. 18 Sa halip, lumago sa biyaya
at pagkakilala kay Jesucristo na ating
Panginoon at Tagapagligtas. Sa kanya
ang kaluwalhatian, ngayon at magpa-
kailanman. Amen.

---

hindi sinusukat ng Diyos ang panahon tulad natin. Maaaring mangako siya ng isang bagay na waring madalian at hindi niya gagawin iyon agad-agad. Sa kabilang dako, kung akala natin na napakatagal pa ang wakas ay hindi nangangahulugang makababalik na tayo sa isang buhay na nasisiyahan; sa halip, ay kailangang samantalahin natin ang habag ng Diyos na nagkakaloob sa atin ng panahon na makapagbalik-loob nang totohanan, at binibigyan din ng panahon ang iba na magbalik-loob at manampalataya, dahil sa ating mabuting halimbawa at pananalangin.

Sa mga araw na ito, maraming tao ang nagpapalagay na hindi babalik si Kristo sa lalong madaling panahon upang bigyang-wakas ang ating kasalukuyang daigdig at hatulan iyon. Ngunit ang totoo, hindi natin alam kung gaanong panahon pa ang nalalabi upang gawing higit na mabuti ang daigdig na ito. Laging madalian ang paggawa ng mabuti.

Ang talatang tumutukoy kay Pablo ay nagpapakita na noon pa man, taglay na ng mga liham ni Pablo ang kapangyarihan sa Iglesya na kapareho ng mga matandang banal na aklat o ng Ebanghelyo: ang iba pang mga Kasulatan." Nabalisa rin ang Iglesya tungkol sa mga maling pakahulugan na natatamo ng mga tao mula sa mga talatang hindi nilinaw ni Pablo sa kanyang ipinahayag.